

Ready for
Phonics

Mga Titik at Tunog

Impormasyon sa palabigkasan (phonics) para sa mga magulang at tagapag-alaga na may mga anak sa klase ng Reception.

Sa paaralan, tuturuan ang inyong anak bumasa at sumulat gamit ang palabigkasan. Tuturuan sila

- paano makinig para sa tunog ng mga salita
- aling titik ang katugma ng aling tunog
- paano putulin ang mga salita na maging magkahiwalay na tunog habang nagbabasa
- paano paghaluin ang mga tunog para sa pagsulat

Marami ang mga magulang na kinakabahan magturo ng palabigkasan sa kanilang anak lalo na kung ang una nilang lengguwahe ay hindi Ingles. Ang dokumento na ito ay magbibigay ng maikling paliwanag kung paano ninyo matutulungan ang inyong anak sa bahay na matutunan ang paggamit ng tunog ng mga titik bilang tulong sa pagbabasa.

Pag-aaral kung paano mag '*tunog-salita*' (sound-talk)



Ipapakita ng guro sa mga bata kung paano ito gawin – **c-a-t = cat**.

Ang magkahiwalay na mga tunog ay binibigkas ng malakas, sa ayos, sa buong salita, at pagkatapos ay pagsasamasamahin para ibuo yung buong salita. Ito ay tinatawag na *paghalo* (blending) at napakahalagang kakayahan para sa pagbabasa.

Matutunan din ng mga bata kung paano ito gawin ng pabaliktad – **cat = c-a-t**. Bibigkasin ng malakas ang buong salita tapos paghihiwalayin ang mga tunog sa tamang ayos, sa buong salita. Ito ay tinatawag na *pagpipiraso* (segmenting) at napakahalagang kakayahan sa pagbaybay. Importanteng tulongan ang mga batang marinig ang magkakahiwalay na tunog sa mga salita.

Mga paraan sa inyong pagsuporta ng mga bata sa bahay

Tunog-pagsasalita (Sound-Talking) - Maaari itong gawin sa inyong sariling lengguwahe o sa Ingles. Humanap ng mga tunay na bagay sa loob ng bahay na mayroong tatlong phonemes (*tunog*) at magsanay ng 'tunog salita'. Sa simula, pabayaang lang silang makinig, tapos tingnan kung sila ay sasali, halimbawa, sabihin

'Nakakakita ako ng t-a-s-a - tasa.'

('I spy a c-u-p – cup.')

'Nasaan ang iyong isang m-e-d-y-a-s - medyas?'

('Where's your other s-o-ck – sock?')

Pagpapares ng mga tunog sa mga Titik

Tuturuan rin ang mga bata ng mga tunog para sa mga titik, aling tunog ang kinakatawan ng aling titik at na ang tunog ay kayang ikatawan ng **higit sa isang titik**, halimbawa, /ll/ sa salitang **b-e-ll**. Ang mga bata ay *titingin* sa mga titik at salita, kasabay ng pakikinig. Ipapakita sa kanila kung paano gumawa ng mga buong salita sa pagtutulak at pagsasama ng mga titik na may magneto o titik na kahoy para bumuo ng maiikling salita, bumasa ng maiikling salita at pagpipiraso ng mga salita sa sariling mga tunog.

Pagsasabi ng mga tunog

Ang inyong anak ay tuturuan kung paano sabihin and mga tunog sa tamang paraan para padaliin ang paghalo (blending). Tanungin ang guro ng klase para sa **enunciation video** para kayo ay makaensayo sa wastong pagbigkas ng mga tunog sa Ingles at matulungan ang inyong anak sa bahay.

Mga paraan ng pagtulong sa inyong anak sa bahay



Titik na may magneto

Bumili ng mga titik na may magneto para sa inyong ref, o para gamitin sa isang trey na lata. Alamin kung aling mga titik ang naituro na - magsaya sa paghahanap nito kasama ng inyong anak at ilagay sa ibabaw ng pwedeng dikitan ng magneto.

Magkasamang paggawa ng maiikling salita

Magsama sa paggawa ng maiikling salita, halimbawa, *it, up, am, and, top, dig, run, met, pick*. Sa pagpili ng mga titik, bigkasin ng malakas: '*a-m – am*', '*m-e-t – met*'. Maaari din itong gawin sa sariling lengguwahe.



Paghanda sa pagsusulat

Imomodelo ng mga guro kung paano bumuo ng tamang titik. Ang paghawak ng lapis ay nangangailangan ng hindi mumunting koordinasyon at ensayo sa paggawa ng maliliit na paggalaw gamit ang kamay at mga daliri.

Pagsusulat gamit ang maliit na titik

Tuturuan ang mga bata kung paano magsulat gamit ang maliit na titik, kasama ng malalaking titik. Dahil karamihan ng sulatin ay gagamit ng maliit na titik, kapaki-pakinabang kung ito ay mae-ensayo sa bahay.

Mga paraan na tulungan ang inyong mga anak sa bahay

Paggamit ng kanilang buong katawan: Sa pagsusulat and mga bata ay kailangang koordinado sa kanilang buong katawan, hindi lang sa kamay at daliri. Kasama sa mga laro na nakakatulong sa koordinasyon ang pagtapon ng bola sa isang patamaan, pangilalim-bisig at pangibabaw-bisig, pagtapon ng Frisbee, pagpulot ng mga bato sa dalampasigan at pagtapon nito sa dagat.

Laro ng kamay at daliri: Paglaro ng play doh o luwad ay talagang nakakatulong sa pagpalakas ng maliliit na daliri, pati rin ang pagluluto at paggamit ng mga simpleng tool kit.

Koordinasyon ng Kamay-Mata: Ang pagbuhos ng tubig sa ibat-ibang laki na pitsel at tasa, pagwawalis gamit ang dustpan at walis, paggugupit, pagdidikit, pag-trace, paglusot-lusot ng sinulid sa mga manik (beads), pagkumpleto ng mga papag-isipin (puzzles), pagbabalat ng mga etiketa at at pagdikit nito sa tamang lugar - lahat ito nakakatulong sa koordinasyon ng kamay-mata.

Paghawak ng Lapis: Ang 'pincer' na galaw ay kailangan ng ensayo. Ito ang importanteng nagpapakaya sa mga bata na makahawak ng lapis ng tama sa pagsusulat. Bigyan sila ng sipit na pangluto at tingnan kung kaya nilang pumulot ng maliliit na bagay. Pagkatapos hamunin silang pumulot ng mas maliit pang mga bagay, tulad ng, maliit na kubo ng asukal, bukol ng asukal, pinatuyong peas, lentils, una gamit ang chopsticks, tapos gamit ang mangurot ng sipit (tweezers). Bigyan ng maraming ibat-ibang uri ng pluma at lapis; hawakan ang kanilang kamay para maensayo ang tamang paghawak.